- “Nanlaban-Patay”, hungkag na katuwiran sa pag-iral ng walang pananagutang pamamaslang ng PNP, Labanan!
- “Nanlaban-Patay” ng PNP, Ilantad at Labanan!
- Jemar Palero at Marlon Naperi mga Aktibista hindi Terorista!
- Itigil at labanan ang Red-tagging, EJK, Iligal na Pag-aresto at iba pang Paglabag sa Karapatang Pantao!
- Katarungan at Bayad-Pinsala sa mga Biktima ng Terorismo ng Estado!
- Ibasura ang ATL at Buwagin ang NTF-ELCAC!
- Itaguyod at Ipaglaban ang Karapatan sa Pamamahayag!
- Singilin ang rehimeng US-Duterte sa 5-taong ng Maramihang Pagpatay Bilang Krimen Laban sa Mamamayang Pilipino at Sangkatauhan!
- Itigil at Labanan ang Militarisasyon sa Kanayunan at Kalunsuran!
- Biguin ang Pinaigting na Pasismo at Terorismo ng Estado at Ang Tangkang Pagpapalawig ng Tiranikong Paghahari ng Rehimeng US-Duterte!
- Patalsikin ang Papet, Pahirap at Pasistang Rehimeng US-Duterte!


INILATHALA NG:

BAGONG HUKBONG BAYAN

**SANTOS BINAMERA COMMAND BAGONG HUKBONG BAYAN - ALBAY (SBC BHB-ALBAY)**




sbc.npa.albay@gmail.com

@reds_are_n1c3

reds_are_n1c3


sbcnpaalbay.blogspot.com

# I. Ano ang palasak na linya ng Philippine National Police (PNP) na "nanlaban kaya napatay"?

**"Nanlaban kaya napatay"** – ito ang *modus operandi* ng Philippine National Police (PNP) sa kanilang mga madudugong operasyon laban sa kriminalidad at droga laban sa sibilyang populasyon. Sa halip na ihapag ang *search warrant* o *arrest warrant* sa mga inaakusahang indibidwal at iharap sila sa mga korteng naglabas ng mga kaukulang papeles o kung nahuli man sila sa akto ng iniisip ng mga pulis sa ginagawang paglabag sa batas, tahasang karahasan at kamatayan agad ang kanilang iginagawad. Sa kabila ito ng kawalan ng parusang kamatayan kahit sa pinakamabibigat na krimen sa bansa. Hindi rin sakop ng mandato ng PNP ang paggawad ng anumang tipo ng pamamarusa.

Ang ganitong kriminalidad ng PNP laban sa mamamayang Pilipino at pagyurak sa kanilang mga karapatang tao ay iniaatas mismo at binibigyang proteksyon ng punong berdugo sa bansa—ang pangulo ng Pilipinas, Rodrigo Duterte. Sa pamamagitan ng pagsaklaw ng pamunuang militar sa mga sibilyang ahensya, maging ang sistema ng hustisya ay nagmistulang paktorya ng mga *death warrant.*



Natatangi at tampok na isyu ngayon ng "nanlaban-patay" ang masaklap na sinapit sa mga kamay ng PNP ng dalawang sibilyang magsasakang Albayano na taga-Brgy. Bololo at Brgy. Catomag Guinobatan. Sina Jemar Palero, 22 at Marlon Naperi, 38 ay kapwa kasapi at aktibista ng Organisasyon ng mga Magsasaka sa Albay (OMA) at Albay People's Organization (APO). Ang APO ay isang alyansang nagtataguyod ng karapatang pantao. Alas onse ng gabi noong Hulyo 25, bisperas ng SONA ni Duterte ay dinakip sila sa aktong nagpipinta ng islogan sa tapat ng gusali ng Philippine Coconut Authority (PCA) [mali ang bersyon ng PNP na nahuli sila sa akto sa tulay ng Banao] gamit ang latang pang-*spray*. Umaga ng kinabukasan, inanunsyo sa midya ng PNP-Guinobatan at PNP-Albay na ang dalawa ay napatay dahil "nanlaban".

Ang kaso ng pagpaslang kina Jemar Palero at Marlon Naperi sa Guinobatan ay sukdulang ehemplo ng kabuktutan at brutalidad ng PNP. Malinaw mula sa mga kagyat na impormasyon ng dalawang nakasaksi, mula sa *autopsy report*, at sa oras ng pagkakadala ng mga bangkay sa hospital ang buong kahungkagan ng katwiran ng PNP Guinobatan na "nanlaban!" Para pagtakpan at iligtas mula sa pananagutan at malibre sa anumang kaparusahan sa kanilang krimen ng pagtortyur, tahasang pagpatay sa dalawang aktibista, at pagmamalabis sa awtoridad at mandato ang mga sangkot sa krimen, estilong pirming-nanlaban-patay (PNP) muli ang kanilang bukambibig at upang madeklarang sarado na ang kaso.

Klaro sa *autopsy report* ng dalawang aktibista na karumal-dumal silang pinaslang. Klaro mula sa mga salaysay ng mga saksi na buhay ang dalawa nang dinampot ng PNP sa harap ng PCA sa Guinobatan. Paano pang manlalaban ang dalawang indibidwal na *spraypaint* ang bitbit at tinutukan na ng isang tim ng pulis na puro naka-*full battle gear*? Mayroon bang nanlaban na puro likod ang tama ng bala? May marka ng tortyur sa mata at paa? At ang pinakaimportante, kung nanlaban ang dalawa, at daglian ang reaksyon ng PNP para ipagtanggol ang kanilang sarili, bakit sa tulay ng Banao at hindi sa tapat ng PCA ilinagay ang mga ebidensyang papabor sa PNP? Bakit mahigit dalawang oras pa sila bago itinakbo sa ospital sa katayuang *'dead on arrival'*.

Kailanman hindi iligal at walang katumbas na parusang kamatayan ang pagtuligsa sa isang rehimeng palpak, kurap, berdugo, tiraniko at taksil.

## 2. Sinu-sino ang target ng PNP sa ganitong klase ng kanilang operasyong militar?

Ikinukubli ng rehimen sa mga kampanyang kontra-droga at kontra-kriminalidad ang tunay na mga target ng mga ito.

Panahon pa ng pananakop ng Espanya, gasgas na ang pagkakabit ng mga kalaban ng naghaharing-uri sa mga tinaguriang tulisan, remontados at cimmarones. At tulad din ng mga rehimeng sumunod matapos makamit ng mga Katipunero ang tagumpay sa pagpapalaya ng Pilipinas mula sa paghahari ng Espanya, pambubusal at pamamayani ng takot at karahasan ang pangunahin nitong armas laban sa mamamayang Pilipino. Sa halip na proteksyunan ang sibilyang populasyon at kanilang mga sibil na kalayaan, bahagi ang PNP ng arsenal ng diktadura ng rehimeng US-Duterte.

Inisyal na ginamit ang Oplan Tokhang ng PNP para pilayin at durugin ang makinarya ng operasyon sa distribusyon at pagtutulak ng droga na karibal ng mga *druglords* ng pamilyang Duterte. Mahigit sa 30 libong mga *user* at maliliit na *pusher* ang naging biktima nito. Paminsan-minsan pinatatampok ang mga operasyong tumarget sa mga lokal na *druglords* na kung susuriin ay kaaway sa pulitika ng pamilya't mga kroni ni Duterte.

Ipinagpatuloy din ang mga salimbayang operasyon laban sa kriminalidad tulad ng One-Time-Big-Time Operation na kalaunan ay naging Sychronized Anti-Criminality Law Enforcement (SACLEO). Ikinubli sa mga operasyong ito ang pagtarget sa sinumang lumalaban para sa lehitimong karapatan ng mamamayan at higit na pinag-iinitan ang mga kontra sa rehimeng Duterte. Madalas na kinabibilangan ito ng mga magsasaka, masmidya, abogado, mga aktibista o mga progresibong organisasyon at higit sa lahat, ultimong target nito ang rebolusyonaryong kilusan.

Sa ibang rehiyong sinasakop ng MO 32 (de factong batas militar sa Bikol, Negros at Samar), naglunsad ng mga operasyong tumarget sa mga maslider at aktibista ng mga progresibong organisasyon. Sa Negros, nagkaroon ng ilang beses ng SEMPO. Nitong 2021, ilinunsad ng PNP sa ilalim ng kumpas ng RTF-ELCAC ang Oplan Charlie sa kanugnog na prubinsya ng Albay —ang Sorsogon.



Pinalalabas din sa mga operasyon na pirming-nanlaban-patay ang pinapaslang na sibilyan na ikinakabit sa CPP-NPA-NDF. Mula pa 2016, puo-puong mandirigma ng Pulang Hukbo ang pinaslang kahit na nawalan na ng kapasidad na lumaban o ipagtanggol ang kanilang sarili. Ito ay sa kabila ng mga proteksyon at garantiyang ibinibigay sa mga *hors de combat* ng Geneva Conventions at Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law (CAHRIHL). Tampok dito ang kaso nina Andres Hubilla ng Sorsogon at Alfredo Merilos ng Camarines Norte. Kapwa mga maysakit, kasapi ng CPP at walang kapasidad lumaban ngunit pinaslang sa aktwal na pagkakahuli sa kanila.

Maging ang mga sibilyang wala ni anumang koneksyon sa armadong pakikibaka ay pinapaslang. Mula 2018 sa ilalim ng *total war* ni Duterte ay nagsimula ang walang pakundangang pagpatay at pagmasaker pa nga sa mga sibilyan. Kagyat ding binabawian ng AFP at PNP ang mga sibilyang malapit sa pinangyarihan ng ambus, *raid* at *snipe* ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) kasabay ang higit pang paninindak at paghasik ng takot sa komunidad. Sa tuwina, “nanlaban-patay” ang husga ng PNP at solidong mga ebidensyang baril, bala at eksplosibo.

## 3. Bakit malakas ang loob ng PNP sa kampanyang pirming-nanlaban-patay?


Ginagarantiyahan ni Duterte ang impunidad o walang pananagutan sa batas ng sinumang gumawa nito mula sa kanyang mga berdugong pulis at sundalo dahil sa kanyang atas na “Kill! Kill! Kill!” at “Ignore Human Rights!” Si Duterte mismo ang “taguang saya” ng mga berdugong militar kapag sila ay nakakapatay. Kapalit ng pagtutulak sa pulis at sundalo sa imoralidad at kriminalidad ang saku-sakong papuri, pabuya, pagpapataaas ng sweldo, promosyon at pagbili ng makabagong armas.

## 4. Ano ang dapat gawin ng mamamayang Albayano?

Kapag nagiging batas ng kalupaan ang karahasan, nagiging responsibilidad ng mamamayan ang lumaban!

Hindi dapat makalimutan ng mamamayang Albayano na ang kapangyarihan ng rehimen ay nagmumula sa kamay ng sambayanan. Kung wala ang mandato ng mamamayan hindi magkakaroon ng poder ang rehimeng Duterte. Ito ang paulit-ulit na gustong burahin ng mga pasista sa kolektibong memorya ng sambayanan.

**Magkaisa't mag-organisa.** Ang sinumang nag-iisang tumindig ay napakadaling baliin at mapaluhod, matibay ang walis tingting kung ang mga ito ay nabibigkis. Kaya kung sama-samang kikilos ang mga Albayano upang tutulan, labanan at papanagutin ang PNP sa krimen nito laban sa mga Albayanong sina Naperi at Palero at sanlaksa pang biktima ng




pirming-nanlaban-patay ng PNP magagawang maalisan ng pangil ang brutalidad ng rehimen. Kasama ng rehiyon at buong bansa, kailangang magkaroon ng mapagpasyang lakas ang malawak na sambayanang api't pinagsasamantalahan sa pagputol ng pamamayani ng karahasan sa bansa. Sa ganitong paraan didinggin ng milyon pang makatao at tagapagtanggol ng karapatang tao sa ibayong dagat ang kahingian ng mamamayang Pilipino sa pagpapanagot ng punong berdugong si Duterte.

**Tumindig at lumaban.** Anumang gawin ng rehimen, nananatili at prinoprotektahan ng Konstitusyong 1987 ang soberano at mga demokratikong karapatan ng mamamayang Pilipino. Kinatatakutan ng anumang rehimen na mapagpasyang ipatupad ng mamamayan ang kanilang soberanong karapatan dahil sa lawak ng kapangyarihang ibinibigay nito sa nagkakaisang organisadong lakas ng mamamayan. Hindi uubra ang anumang atas o batas sa mamamayang nagkakaisang baguhin ang kanilang kinabukasan. Sa Konstitusyon at mga internasyunal na batas, katumbas ng soberanong karapatan ang pagbibigay matwid sa pagrerebolusyon sa anumang tiranikong pamumuno. Ito ang kapangyarihan ng mamamayan. Ito ang nagpabagsak sa pananakop ng iba't ibang higit na mas makapangyarihang dayuhang mananakop. Ito ang lumumpo sa diktadurang Marcos. Ito ang nagpalayas sa mga panginoong maylupa at nagbalik sa henerasyong ito ng mga Albayanong magsasaka ng mga bunga ng kanilang pagpapagal.

Iba't ibang tipo ng paglaban ang maaaring lahukan ng mamamayang Albayano. Ngunit sa huli pinakamakapangyarihan at pinakamapagpasya sa lahat ang pagbawi ng pampulitikang kapangyarihan sa pamamagitan ng makatarungang dahas na ipinagpapatuloy ng BHB. Ang adik sa kapangyarihang pangkating Duterte at kanyang mga alipures ay mapapanagot sa pamamagitan ng rebolusyonaryong hustisya para sa buong sambayanang Pilipino.**